## WELCOME
Magbahagi ng isang katangiang mayroon ka na sa tingin mo ay kakaiba (unique). Sabihin kung bakit ito naiiba sa iba.

## WORSHIP
Sa nagdaang linggo, ibahagi ang ginawa ng Panginoon upang iiwas ka sa isang kasalanan o isang gawaing alam mong 'di nakalulugod sa kanya? (Pagkatapos, sama-samang umawit sa Panginoon ng mga awit na nagpapahayag ng kadakilaan at kabanalan ng Diyos.)

## WORD
**Layunin:** *Pagkatapos ng araling ito, inaasahan ang bawat miyembro na…*

- Malaman ang tunay na kahulugan ng kabanalan ng Diyos at kung paano ito nakapagpapatunay ng kanyang kamangha-manghang kadakilaan.
- Magkaroon ng banal na pagkamuhi sa kasalanan at anumang karumihan dahil ito'y di naaayon sa banal na karakter ng Diyos.
- Malayang makapagpahayag sa isang kapatid ng isang kasalanan na bahagi ng kanyang mga *struggles* sa buhay Kristiyano na nakahahadlang sa pagpapatuloy sa kabanalan.

### Panimula
1. Ano ang isang bagay na kinamumuhian mo, o kaya'y ayaw mong makita o mapalapit sa iyo?

<u>Tulay tungo sa Talakayan:</u> Gayundin naman, may mga bagay na kinamumuhian ang Diyos dahil ito ay di sang-ayon sa kanyang karakter. Namumuhi ang Diyos sa kasalanan dahil **siya ay banal na Diyos**[1]. *Ang kabanalan ng Diyos ang naghihiwalay sa kanya lahat ng kanyang nilikha at nagpapatunay na gagawin niya ang lahat para sa kanyang karangalan at di hahayaang marumihan ang kanyang pangalan.*

### Talakayan
2. *Ang kabanalan ng Diyos ay nagpapatunay ng kanyang kamangha-manghang kadakilaan.* Basahin ang awit ng mga Israelita sa Exodo 15:11 matapos silang iligtas ni Yahweh mula sa mga Egipcio. Paano natin masasabi o mapatutunayan na kamangha-mangha at dakila ang kabanalan ng Diyos?

3. Basahin ang Isaias 6:1-3. Ano ang kahalagahan sa awit ng mga serapin (*angelic beings*) na "banal, banal, banal" (tatlong beses) ang Diyos? Ano ang reaksyon ni propeta Isaias sa v. 5? Ganito ba ang pagtingin ng marami sa atin tungkol kabanalan ng Diyos at karumihan ng tao? Bakit o bakit hindi?[2]

4. Basahin ang 1 Pedro 1:14-16. Kung banal ang Diyos, ano ang inaasahan niya para sa atin? Paanong ang kaalaman na banal ang Diyos ay maghihikayat sa atin na mamuhay nang may kabanalan "sa lahat ng [ating] ginagawa"?

5. Ano ang mga maaari nating gawin sa Kaagapay upang matulungan ang bawat isa sa pakikibaka sa kasalanan at paniniyak na lahat ay namumuhay sa kabanalan?

### Pagsasabuhay
6. Ayon sa Santiago 5:16, mahalagang bahagi ng banal na pamumuhay ang pagtatapat ng kasalanan sa bawat isa at sama-samang pananalangin ukol dito. Kasama ang isang partner (babae sa babae o lalaki sa lalaki), ibahagi ang isang kasalanan na humahadlang sa iyong pamumuhay sa kabanalan. Sama-samang manalangin (maaaring gamitin ang panalangin ni David sa Awit 51).

**Memory Verse of the Week:**
*"But as he who called you is holy, you also be holy in all you conduct, since it is written, 'You shall be holy, for I am holy.'"* (1 Peter 1:15-16 ESV)

## WORKS
Isama sa pananalangin ang mga kapatid sa BBCC, lalo na ang mga pastor at mga lider. Ipanalangin na sila ay mamuhay nang may kabanalan at ilayo sa mga tukso ng Kaaway.

---
[1] The Hebrew word *holy* means "separate." It is the same root word from which we get the words *saint* and *sanctified*. All three of these carry the meaning "to be separate or distinct." (Tony Evans, *Our God is Awesome*, p. 76)

[2] Kapag maraming tanong sa isang number, isa-isahin ang pagtatanong. Huwag itanong lahat nang sabay-sabay.